

Sosyo-kultural na pagdalumat sa kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan tungo sa pagbuo ng kontekstwalisadong kagamitang panturo

Dablo, Reniel Roy

Lapu-Lapu City College, Philippines (dablo.renielroy@llcc.edu.ph)

Dela Rama, Adriana Dominique (delarama.adrianadominique@llcc.edu.ph)

Garcia, Renelyn N. (garcia.renelyn@llcc.edu.ph)

Maglasang, Milky Mitch A. (maglasang.milkyMitch@llcc.edu.ph)

Nanoy, Josierose T. (josierosenanoy@gmail.com)

Paga, Meliza E. (paga.meliza@llcc.edu.ph)

Verallo, Raymond T. (verallo.raymond@llcc.edu.ph)

Borbajo, Maria Noeleen M. (n.borbajo@llcc.edu.ph)

Noval, Arnel T. ✉

Cebu Technological University - Main Campus, Philippines (arnelnoval663@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 9 June 2021

Revised: 6 July 2021

Accepted: 27 July 2021

Available Online: 27 July 2021

DOI: 10.5861/ijrse.2021.a019

Abstract

This study focuses on analyzing selected folktales in Caohagan Island. It also emphasizes the analysis of the theme, culture and values contained in each folktale being analyzed. Qualitative research in a form of content analysis was utilized in the study to explore the folktales found in Caohagan Island. The study found out that the most emergent themes in Caohagan Island folktales are related to family security and safety, protection for young people, faith and reverence in God, God's omnipotence, and blessings far beyond worldly things such as nature's bounty. In addition, the values in the selected folktales include disaster preparedness, resiliency, unity, preaching the immense power of God, and diligence. It was also discovered that the culture in folktales show identity in their daily lives, actions or habits, faith such as having a procession, sending children home earlier in the evening, belief in the sumpa, solemn faith in God, relying on the resources available in the sea. The researchers recommend the use of the learning package in teaching folktales so that students can appreciate and further develop their understanding of local literature and culture. Based on the findings, it was concluded that the folktales in Caohagan Island serve as a treasure trove of the island with unique themes that traces their way of life, beliefs, values, and culture that reflect their virtue, identity and unity of the Kawhaganyon. Using the learning package in teaching folktales will help in the dissemination, patronage and preservation of the local heritage in Caohagan Island.

Keywords: pagdalumat, sosyo-kultural, kwentong-bayan, Isla Caohagan, kagamitang panturo

Sosyo-kultural na pagdalumat sa kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan tungo sa pagbuo ng kontekstwalisadong kagamitang panturo

1. Introduction

Itinuturing na ang panitikan ay sisidlan at hanguan ng mga katangian, paniniwala, gawi o pamumuhay ng mamamayan at sumasagisag sa pagkakakilanlan ng isang lipunan. Ang panitikang Filipino ay may pambihirang kabuuan. Ito ay nagsimula sa mga pasalitang tradisyon tulad na lang ng mga kwentong-bayan na hudyat sa pagbukas ng kamalayan ng bawat Pilipino at nagsisilbing gabay upang makilala nila ang kahalagahan ng pag-aaral ng panitikan sa bansa (Ramos, 1984). Ang panitikang Filipino ay pahayag na pasalita at pasulat ng damdaming Pilipino hinggil sa pamumuhay, pag-uugaling panlipunan, paniniwalang pampulitika at pananampalatayang niyakap ng mga Pilipino (Panganiban, 2000). Wika nga ni De Leon halaw kay Jadloc (2017) na ang mga kwentong-bayan ay may maraming magandang maidudulot para sa mga kabataan gaya ng paglinang sa mahusay na pagpapasya, mamulat sa ibang kultura, makapagdulot ng mabuting asal, mapahalagahan ang ibang tradisyon, makatuklas ng ibang pananaw at makaarok sa mga arketipong tunay na bukal ng kabihasan at kadakilaan.

Ang kwentong-bayan ay naglalaman ng sariling kaisipan o paniniwala ng mga tao na isinatitik o isinalin-dila upang maging isang ganap na bahagi ng kanilang kultura at panitikan na sumisimbolo sa kanilang lahi at pagkakakilanlan na kinabibilangan ng bawat mamamayan. Ayon kay Bascom halaw kay Pascual (2015), isang kilalang Amerikanong kuwentista at antropohista, na ang kuwentong-bayan ay salamin ng mga katutubong kaugalian, tradisyon, ritwal at kultura, at naglalaman ng buod ng pagkatao ng isang partikular na grupo sa lipunan.

Subalit sa bilis ng pagbabago ng panahon kasabay ng mga bagong umuusbong na teknolohiya, hindi na alintana ng mga kabataan ngayong ika-21 na siglo ang kahalagahan ng panitikan. Naging tumpalan na nila ang mga bagong laro sa kompyuter o maging sa selpon. Ang iba naman ay naging okyupado ang oras sa pagtitiktok o sa mga banyagang pelikula kayat unti-unting nawalan ng interes ang mga kabataan sa pagbabasa ng mga akdang-pampanitikan. Sinuportahan naman ito sa pag-aaral nina Cañete et al., (2015-2016) na naglahad na ang pagbabago ng panahon sa 21st Siglo ay kaalinsabay ng pag-usbong nang mabilisan at modernong panahon kung saan ang mga kabataan sa kasalukuyan o ang mga *Generation Z* na kinahiligan na ang makabagong teknolohiya.

Ang pagbaba ng interes at hindi pagtangkilik sa mga kwentong-bayan sa isla Caohagan na naisasantabi dahil sa mga umuusbong na bagong teknolohiya ang siyang nagtulak sa mga mananaliksik na naglalayon na makalap ang mga kwentong-bayan na umuusbong upang makagawa ng isang kontekstwalisadong kagamitang panturo. Naniniwala ang mga mananaliksik na makatutulong ang pag-aaral na ito sa mga estudyanteng nagmamayorya sa Filipino na kumuha ng kursong Malikling Kwento at Nobelang Filipino na magsisilbing gabay sa pagtuturo upang makuha ang interes lalong-lalo na ng mga kabataang tuturuan nila sa hinaharap.

Ang mga naunang pahayag ang nagtulak sa mga mananaliksik na pag-aralan ang mga piling kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan upang manumbalik ang kahalagahan nito sa mga kabataan lalo na sa isla ng Caohagan. Ang Isla ng Caohagan ay isa sa pinakatanyag na isla sa siyudad ng Lapu-lapu. Tinawag ito na *Kauwagan* batay sa kasaysayan ngunit naging Caohagan kinalaunan. Bagama't ito ay maliit na isla, taglay pa rin nito ang kagandahan ng mga tanawin at mayamang kasaysayan, kultura at panitikan lalong-lalo na ang mga kwentong-bayan. Mahalaga ang pag-aaral na ito sa pagpapalawig at pagpapaunlad ng panitikan at kultura sa kahit saanmang bahagi ng bansa, lalo na sa mga maliliit na isla. Ito ay nagpapatunay na kahit gaano man kaliit ang isla ng Caoahagan ay hatid pa rin ang kariktan ng panitikan.

Bilang paglalahat, mahalagang maitampok sa mga kabataan ang kahalagahan ng mga kwentong-bayan

bilang isang yaman ng isla sa Isla ng Caohagan. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang pagsasagawa ng pag-aaral ay malaking tulong upang manumbalik ang kasiglahan ng panitikan sa lipunan na nakaimpluwensiya ng lubos sa kultura ng bawat Pilipino. Kaya ang magiging awtput ng pag-aaral na ito ay mungkahing *learning package* sa kontekstwalisadong kagamitang panturo sa Filipino upang magsisilbing gabay sa mabisang pagtuturo ng mga kwentong-bayan na may kinalaman sa pinagmulan, pagkakakilanlan at kultura.

1.1 Layunin ng pag-aaral

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang limang piling kwentong-bayan ng Isla Caohagan batay sa paksang-diwa, pagpapahalagang pantao, at kultura upang makabuo ng *learning package* sa kontekstwalisadong pagtuturo ng mga kwentong-bayan.

1.2 Kahalagahan ng pag-aaral

Napapanahon ang pag-aaral dahil kinapapalooban ito ng pagdokumento at pagsusuri ng mga kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan na naaayon sa direksyon ng K-12 Kurikulum na naglalayong maituro ang mga aralin sa kontekstwalisado at lokalisadong pamamaraan. Ang mga nakalap na mga kwentong-bayan ay isinalin upang lubos na maunawaan at maitampok bilang karagdagang materyal sa pagtuturo ng panitikang lokal. Ito rin ay mahalaga dahil makatutulong ito sa mga tagapamahala, guro, estudyante, at mga mananaliksik sa hinaharap upang mapagtuonan ng pansin at mapaigting pa ang pagtuturo ng mga kwentong-bayan. Bilang karagdagan, ito ay magsisilbing batayan ng mga mananaliksik sa hinaharap at guro sa pagpapaunlad ng pagtuturo nang sa gayon ay mapalawak ang kaalaman, mabuksan ang kamalayan at mapahalagahan ng mga estudyante ang mga kwentong-bayang pamana ng kanilang sariling lokalidad.

1.3 Limitasyon ng pag-aaral

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga kwentong-bayan sa isla Caohagan bilang gabay sa pagbuo ng kontekstwalisadong kagamitang panturo sa pagtuturo ng panitikang lokal. Nilayon din nito na masuri ang paksang-diwa, pagpapahalagang pantao, at mga kulturang namamalas sa mga piling kwentong-bayan. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa piling kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan. Nilimita lamang sa limang (5) piling kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan ang sinuri ng mga mananaliksik sapagkat ito ang nangingibabaw na mga kwentong bayan sa isla gaya ng (1) *Buwakaw*, (2) *Bakol sa Pangpang*, (3) *Bwah! Bwah! Baboy Ilawm sa Yuta sa Panahon sa Tinglinog*, (4) *Nganong Mohunas ug Motaub ang Dagat?*, (5) *Ang Baychingko sa Swaki*.

2. Metodolohiya

Inilalahad sa bahaging ito ang disenyo ng pag-aaral, pinagmulan ng mga datos, pamaraan ng pagkalap ng mga datos at ang limitasyon ng pag-aaral.

2.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang disenyong ginamit sa pag-aaral ay kwalitatibong pananaliksik sa anyong content analisis o pagsusuring pangnilalaman na isinasagawa sa pamamagitan ng masusing pagsisiyasat sa mga piling kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan. Ito ay tungkol sa katangian, mensahe, manipstasyon ng lawak ng paksa at gamit ng teksto (Astillero at Ocbian 2015). Ito ay ginamit sa pagsusuri sa mga nakalap na piling kwentong-bayan ayon sa namumutawing mensahe o paksang-diwa, pagpapahalagang pantao at kultura sa mga kwentong-bayang (1) *Buwakaw*, (2) *Bakol sa Pangpang*, (3) *Bwah! Bwah! Baboy Ilawm sa Yuta sa Panahon sa Tinglinog*, (4) *Nganong Mohunas ug Motaub ang Dagat?*, (5) *Ang Baychingko sa Swaki*.

2.2 Pinagmulan ng mga datos.

Upang mapagtibay ang pag-aaral, mahabang panahon ang inilaan at iginugol ng mga mananaliksik para sa

pagkalap ng mga datos mula sa mga aklat at pagsangguni ng mga mapagkakatiwalaang datos mula sa internet gaya ng mga artikulo, dyornal, websayt, blog at papel-pananaliksik na may kaugnayan sa pagsusuri sa akdang pampanitikan partikular sa mga kwentong-bayan. Tiniyak din sa pag-aaral na ito na may kaugnayan ang mga sangguniang kinalap at kakikitaan ng paksang-diwa, pagpapahalagang pantao, at kultura upang masimulan ang pagdalumat sa mga piling kwentong-bayan sa isla ng Caohagan.

Naging batayan din sa pangangalap ang inilahad ni Ki (2020), tungkol sa mga katangiang tinataglay ng mga kwentong-bayan, ito ay: a) Ang mga kwentong-bayan ay mga kwentong naglalaman ng mga karanasan, mito, paniniwala, ng ating mga ninuno. b) nagtataglay rin ng mga kaugalian, tradisyon, at kultura ng isang lugar kung saan ito nanggaling. c) naglalaman ng mga aral, sumasalamin sa mga pangyayari sa kasalukuyang buhay.

2.3 Pamaraan ng Paglikom ng mga Datos

Sumulat ang mga mananaliksik sa Punong Baranggay at sa mga kalahok upang humingi ng pormal na pahintulot upang maisagawa ang pangangalap ng mga datos. Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ng mga mananaliksik ang *purposive at convenience sampling* na naglalayong makapili ng mga kalahok na may kongkretong kaalaman sa mga kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan. Dalawampung (20) kalahok ang napili ng mga mananaliksik na may edad na 60 pataas, lumad na nakatira sa Isla ng Caohagan at boluntaryong nakilahok sa interbyu.

Bago sinimulan ang pag-iinterbyu, inilahad ng mga mananaliksik ang mga layunin ng pag-aaral upang maunawaan ng mga kalahok ang direksyon ng pananaliksik na isinagawa. Ang interbyu ay tumagal lamang ng 15-30 minuto gamit ang *open-ended* na mga katanungan kung saan binigyan ang mga kalahok ng pagkakataon na maisalaysay ang kanilang mga nalalaman hinggil sa mga kwentong-bayan.

Sa pagsusuri sa paksang-diwa, pagpapahalagang pantao at kultura ng piling kwentong-bayan sa isla ginamit na batayan ang paniniwala ni Klaus Krippendorf (hinalaw sa Kieng, 2018) na nagmungkahi ng mga hakbang sa kung paano susuriin ang isang akdang pampanitikan gaya na lamang ng kwentong-bayan. Binanggit niya ang mga sumusunod na hakbang – (1) kilalanin kung ano ang datos na susuriin, (2) paraan sa pagtukoy ng datos, (3) populasyon ng pinagmulan ng datos, (4) kaugnayan nito sa teksto, (5) ang hangganan ng pagtatasa, at (6) mga dapat sukatin sa pag-aaral. Ang mga hakbang na ito ay masigasig na sinunod ng mga mananaliksik sa pangangalap at pagsusuri ng mga kwentong-bayan.

3. Resulta at Pagtatalakay

Inilahad sa bahaging ito ang pagdalumat sa mga kwentong-bayan ayon sa paksang-diwa o tema, pagpapahalagang pantao at mga kulturang mamamalas sa kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan.

3.1 Paksang-diwang nangingibabaw sa mga kwentong-bayan

Inilahad sa talahanayan 1 ang mga namamayaning paksang-diwa sa limang piling kwentong-bayan Isla ng Caohagan bilang unang yugto sa pagsusuri at paghihimay sa mga nilalaman nito. Mahalaga ang yugtong ito dahil inihahayag sa bahaging ito ang kabuoang kaisipan o diwa ng akda.

Buwakaw. Ang paksang-diwang mahihinuha sa kwentong-bayang ito ay nagpapahayag na ang kaligtasan ng pamilya ay laging una sa isip ng mga ama. Ang ganitong katangian ay sang-ayon sa nangingibabaw na kaisipan sa kwentong-bayang *Buwakaw*. Binanggit ni Cuizon (2014) na ang tema o paksang-diwa ay mabubuo mula sa pagsusuri na maaaring nagsasaad ng katotohanang panlahat na maging basehan ng mga kalagayang pang-edukasyon, kalagayang pampamahalaan, sa pagpakabuhay ng tao at sa mga sumusunod na kalagayan ng mga mambabasa. Nangangahulugan lamang na ang pagsusuri sa paksang-diwa ng isang akda ay nakabatay sa kalagayan, karanasan, katangian, o pananaw sa kalagayang pantao na lumilitaw sa bawat teksto. Mahihinuha sa kwentong-bayang ito na nangingibabaw ang katangiang mayroon ang Kawhaganyon bilang mamamayang

makatao, mapagmahal sa pamilya, inuuna ang kaligtasan ng pamilya bago pa man ang sarili. Hindi man direktang inihayag sa kwento ang katagang mayroon ang mga kalalakihan bilang tagapagtanggol ng pamilya, naipahayag naman sa kwentong-bayan na napakahalagang unahin at isaalang-alang ang kaligtasan ng pamilya na nasa isip ng bawat Kawhaganyon.

Talahanayan 1

Paksang-diwang nangingibabaw sa mga kwentong-bayan

Kwentong-Bayan	Nangingibaaw na Paksang-diwa	Pahayag
Buwakaw	Ang kaligtasan ng pamilya ay laging una sa isip ng mga ama.	Kanunay silang mangandam og ikog sa pagi dapit sa ilang pultahan, ang mga amahan mopuwesto ug matulog sa may dapit sa ilang pultahan isip usa ka tigbalantay sa ilang pamilya og maoy mobanat og siyagit samtang bitbit ang ikog sa pagi. Ilang himoong paon ilang kaugalingon apan bitbit ang ikog sa pagi isip usa ka panangga sa maong buwakaw. Giingon nilang usa gayud ni ka engkanto nga nagpuyo sa dakong tanom nga abtanang nakabutang atubangan sa baybayon.
Bakol sa Pangpang	Proteksyon para sa mga kabataan.	Magbalantay gayud ni ug nagprotekta sa mga bata sa isla, pinaagi sa pangpahadlok, harun gayud mopatoo ang mga bata. Maong natagamtaman sa mga bata ang kahadlok basta magdula sila sa baybayon.
Bwah! Bwah!	Ang lumapit at mananampalataya sa Diyos ay tiyak na mailalayo sa kapahamakan.	Pong pa sa mga istorya kaniadto, ang Diyos nagbuhat og dakong mananap sa kinailagman sa yuta para magtimaan nga ang kalibutan molumpag. Pinaagi ani, nagpamatood nga kinahanglan magpaduol ang mga taw sa Ginoo kung maabot ang adlaw nga malumpag ang kalibutan.
Nganong mohunas ug motaub ang dagat?	Ang Diyos ay makapangyarihan at ang lumikha sa lahat ng bagay.	Gilantaw niya ang dagat ug nakita niyang hunas na kini. Nahinumduman niya ang bata nga mikalos og dagat nga miingon, "Walay imposible kanako." Mao kini ang iyang dakong gikahibulungan. Didto niya nahinuklogan nga ang batang iyang nakita kay mao ang batang Ginoo nga si Jesus nga nagbuhat sa tanang butang.
Ang Baychingko sa Suwaki (Istorya sa kinabuhi nila Nang Pemya ug Noy Julie)	Hindi tunay na mapalad ang tao sa pisikal lang na bagay, bagkus ang kabutihan, pagsisikap at pananalig ang siyang katangiang susi sa tagumpay.	Naabot sa punto nga naghinay-hinay og kakupos ang siga sa kandila, maoy pasabot nga naghinay-hinay og kaubos ang ilang swerte sa ilang kinabuhi. Wala nay namalit og mga palaliton sa ilang tindahan, perme na pildi si Nang Pemya sa swertres ug hay-alay. Si Noy Julie malas na's sabungan. Nahunong ilang paninda ug wala na mailhi ang swerte sa ilang kinabuhi.

Bakol sa Pangpang. Ang pilay o *bakol* sa Bisaya ay inilalarawan sa kwentong-bayan bilang hindi kaayang-ayang tingnan o kinatatakutan ang pisikal na kaanyuan. Kinatatakutan ng mga kabataan ang postura, tindig, pagkilos ng *bakol* na hindi normal para sa kanila kaya't madalas ay pinagtatawanan at nilalayuan nila ito. Kaya ito ang ginamit na panakot ng mga nakatatanda sa isla upang mailayo ang mga kabataan sa kapahamakan at magkaroon ng angkop na pagpapahalaga sa sarili bilang kasapi ng lipunan. Ang paksang-diwang ito ay nakatuon sa kung paano sila kumilos, kanilang kaugalian o katangian, at karanasan. Mapapansin sa akda na makulit at pasaway ang mga bata lalo na't gusto nilang makuha ang ninanais nila. Mahihinuha rin na talagang pinapahalagahan ng mga nakatatanda ang mga kabataan sa isla ng Caohagan sa pamamagitan ng pananakot nito gamit ang mga engkanto gaya ng *bakol sa pangpang*. Ang pangalawang paksang-diwang proteksyon para sa mga kabataan mula sa kapahamakan ay nagpapahayag na pinapahalagahan ng mga nakatatanda ang mga kabataan sa isla. Ang kaligtasan nila ang isinaalang-alang dahil maaaring sa murang edad nila ay makapag-isip sila ng mga komplikadong bagay na magdudulot sa kanila ng kapahamakan na mapatutunayan sa kwentong-bayang *Bakol sa Pangpang*. Binanggit nga ni Delizo (2020) na mahigit 1, 400 na bilang ang naitala ng *Philippine National Police*

na kaso ng *gender-based violence* habang nasa lockdown ang datos. Dagdag pa niya, umabot sa 1425 na kaso ng *gender-based violence* sa bansa kabilang ang karahasan sa kababaihan at mga bata tulad ng pambubugbog, panggagahasa at iba pang uri ng pambabastos. Nangangahulugan lamang ito na ang kabataan ay nangangailangan ng gabay at proteksyon ng mga nakatatanda sa lipunan, ng mga magulang, upang malinang ang kanilang wastong pag-unawa sa mga bagay-bagay. Mababakas dito ang kinakailangang proteksyon para sa mga kabataan sa pisikal, emosyunal, mental o sosyal na aspekto upang hindi malagay sa panganib ang kanilang buhay. Ang paraan ng pagdidisiplina ng mga magulang sa kanilang mga anak sa isla ng Caohagan sa kasalukuyan ay minana pa nila mula sa kanilang mga ninuno.

Bwah! Bwah! Mamamalas sa kwentong-bayang *Bwah! Bwah!* ang paksang-diwang *lumapit at mananampalataya sa Diyos ay tiyak na mailalayo sa kapahamakan*. Inihahayag sa akdang ito na dapat manalig sa kapangyarihan ng Diyos at sumunod sa mga paraan Niya sa pagsugpo sa mga kapahamakan upang mamuhay nang mapayapa. Binanggit nga sa isang *blog* na ang paksang-diwa ng kwento ay lubos na ipinahahayag sa pamamagitan ng reaksyon ng mambabasa kung paano umunlad ang bawat tauhan sa kwento. Dagdag pa nito, ang paksang-diwa ay nagpapahiwatig ng isang kahulugan ng paraan ng isang pangkat o lipunan na maaaring matagumpay na mamuhay nang magkakasama (Beemgee, n.d.). Pinapatunayan lamang nito na ang mga Kawhaganyon ay nagkakaisa at nagkakasama sa pagpapaunlad ng kanilang paniniwala at pamumuhay na makikita pa rin sa kanilang katangian bilang lipunan magpasakasalukuyan.

Nganong mohunas ug motaub ang dagat? Ipinalulutang naman sa kwentong-bayang ito ang paksang-diwang *Ang Diyos ay makapangyarihan at Siyang maylikha sa lahat ng bagay* na nagpapahiwatig nang lubusan at pinapatunayan na hindi maipakaila ang makapangyarihan Niyang anyo sa kwentong-bayang *Nganong mohunas ug motaub ang dagat?* Masisilayan ang pagpapahalaga ng mga Kawhaganyon bilang makadiyos na isa sa katangian ng pagka-Pilipino. Wika nga ni Alvarado (2018) sa kanyang pag-aaral na ang debosyon sa Santo Niño ay matagal na at sumulong sa kultura ng mga Pilipino higit lalo sa rehiyon sa Kabisayaan. Dagdag pa niya, kilala ang mga Cebuano sa matinding pananalig sa batang Hesus na makikita sa pagdiriwang nila ng Sinulog at pagprusisyon sa imahe nito. Nangangahulugang nagkaroon ng kamalayan sa mga bagay at nagsimulang mananampalataya ang mga tao sa Diyos dahil sa mga bagay na maituturing na milagro o hindi kapani-paniwalang nagagawa ng ordinaryong tao. Malaki ang pagkakatulad ng mga natuklasan sa pag-aaral ni Alvarado sa paniniwala ng mga Kawhaganyon bilang matapat sa katolikong relihiyon na nakikita nila ang gawain ng Diyos. Dagdag pa rito, ang malalim na pagpapahalaga at totoong paniniwala sa disposisyon ng Diyos at diwa nito sa puso ng mga Kawhaganyon ay makapagbibigay-kapanatagan na lagi Siyang nariyan sa tabi at handang gumabay sa mga taga-Caohagan.

Ang Baychingko sa Suwaki. Ipinapalutang sa pahayag na *Hantod nahunong ilang paninda ug wala na gayud mailhi ang swerte sa ilang kinabuhi* na ang materyal na bagay ay hindi sukatan sa pagiging matagumpay. Nangangahulugan na bawat mamamayan sa isla ng Caohagan ay ninanais ang magkakaroon ng maunlad na pamumuhay na binabatay sa dami ng pera, sa pisikal na kagandahan, magandang tahanan at iba pa na inaasa ng iilan sa swerte. Ito ay isang masaklap na katotohanan na nagpapakita na mayroong taga-Caohagan na mas naniniwala sa swerte kaysa sa sariling pagsusumikap sa pag-abot ng tagumpay. Hindi magiging kontento sa sariling kakayahan, talino, katatagan, katapatan at kabutihan kung nakatuon lamang sa mga materyal na bagay na pansamantala lamang. Napatunayan sa kwentong-bayang *Ang Baychingko sa Suwaki* ang panlimang paksang-diwang *hindi lamang mapalad ang tao sa mga materyal na bagay bagkus ang kabutihan, pagsisikap at pananalig ang siyang susi sa tagumpay*. Mahihinuha sa paksang-diwa na maging matatag sa hamon, matapat sa sarili, mapagmahal sa kapwa, mataimtim na pananalig sa Diyos ang dapat na nangingibabaw sa puso, sapagkat nilikha tayo ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kabutihan. Sinuportahan naman ito ng pahayag ni De Leon sinipi sa artikulo ni Jadloc (2017) na ang mga kuwentong-bayan ay humuhubog sa pagkatao at tumutulong sa pagbigay pag-asa tungo sa makabuluhang buhay. Mahihinuha sa kwentong-bayang ito na ang Kawhaganyon ay nagpapakita ng pagmamalaskit sa kapwa, pagtutulungan, pakikiisa na siyang dahilan sa pag-unlad ng kanilang isla. Mapapansin ito sa panahon ng mga kapistahan na kung saan sila ay nagbibigayan at nagsasalosalo. Hindi man nawala sa kanilang isipan ang pagpapahalaga sa mga materyal na bagay ngunit ang pagpapakita nila ng

Pagdalumat sa kwentong-bayan ng Caohagan tungo sa pagbuo ng kontekstwalisadong kagamitang panturo pagmamahal sa kapwa, pagmamalasakit, at pakikiisa ay higit nilang pinapahalagahan.

Ang mga paksang-diwang natuklasan sa pagsusuri ay malinaw na maiuugnay sa mga Kawhaganyon at nagsisilbing repleksyon ng kanilang kaakohan. ang mga nabuong paksang-diwa ay nagpapakita na ang mga Kawhaganyon ay maalalahanin sa kaligtasan ng kanilang pamilya, inuuna ang proteksyon ng kanilang mga anak, may mataimtim na paniniwala sa Diyos upang malayo sa kapahamakan, mapaniwalain sa mga milagrong nagawa ng Diyos na Manlilikha, mapursige, mabuti, determinado sa buhay at may paniniwala sa Diyos.

3.2 Pagpapahalagang Kawhaganyong nakapaloob sa mga kwentong-bayan

Inilalahad sa talahanayan 2 ang pagdalumat sa mga pagpapahalagang pantaong nakapaloob sa mga piling kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan. Ang pagpapahalaga sa mga bagay ay inuumpisahan sa pagpapahalaga sa sarili at kapwa. Binanggit nga ni Timbreza (2003), ang tao ay nakikilala dahil sa kanyang pagpapahalaga, kung paano namumuhay, kumikilos, naghahanapbuhay, nag-iisip, humuhusga at gumagawa ng desisyon batay sa sistema ng pagpapahalaga.

Talahanayan 2

Pagpapahalagang Kawhaganyong nakapaloob sa mga kwentong-bayan

Kwentong-Bayan	Pagpapahalagang Pantao	Pahayag
Buwakaw	Pagiging handa at pagpapakita ng katapangan sa anomang kapahamakan ang darating.	Pero wala sila nagkumpanyansa, ang mga bata hiposon na nila kini sa mga alas 6 o 7 sa gabii. Kanunay silang mangandam og ikog sa pagi sa dapit sa ilang pultahan maoy gamiton panangga sa gitawag nga buwakaw.
Bakol sa Pangpang	Pag-iwas sa mga sakuna.	Maong natagamtaman sa mga bata ang kahadlok basta magdula sila sa baybayon. Mopauli na sila og sayo sa alas 4 sa hapon ug maminaw sa siyagit sa ginikanan nga papaulion na.
Bwah! Bwah!	Pagkakaisa	Kanunay sa panahong tiglinog, usa na gayud ni sa ilang tradisyon nga magpundok, magkahiusa sa pagsinggit ug bwah! bwah! samtang magdokdok sa yuta kay matud pa nila ang dakong mananap nga gibuhat sa Ginoo usa ka klase sa baboy.
Nganong mohunas ug motaob ang dagat?	Pagpapalaganap sa dakilang kapangyarihan ng Diyos	Didto niya nahinuklogan nga ang batang iyang nakita kay mao ang batang Ginoo nga si Jesus nga nagbuhat sa tanang butang. Iya gayud ni gipanabi sa ubang taw sa isla nga nagpakita kaniya ang Ginoo nga nagbuhat og dakong milagro nga wala pa gayud nila masayri.
Ang Baychingko sa Suwaki (Istorya sa kinabuhi nila Nang Pemya ug Noy Julie)	Pagsisikap ang tanging yaman.	Didto sila nakaamgo nga ang dakong swerte sa kinabuhi dili makita sa mga butang nga mahikap apan ang pagpaningkamot sa kaugalingong kinabuhi ug pagsalig sa Ginoo.

Buwakaw. Namumutawi sa akdang ito ang pagpapahalagang *pagiging handa at pagpapakita ng katapangan sa anomang kapahamakang darating*. Ipinapakita rito ang pagiging alerto ng mga Kawhaganyon sa mga sakunang sumusubok sa kanilang pamumuhay. Nagpapakita ng ganitong katangian ang mga Kawhaganyon sa mga hindi inaasahang pangyayari, ito man ay katatakutan, kapighatian, kasiyahan o kapahamakan. Ang pagpapahalagang ito ay nagpapakita na ang mga Kawhaganyon ay may tiwala sa sariling kakayahan na malalampasan ang mga kapahamakan at mananatiling matapang mula sa mga kinatatakutan. Ayon nga kay Scheler halaw kay Lanuzo (2015), ang pagpapahalaga ay pundasyon ng mga obligasyon, paniniwala, mithiin at saloobin. Nangangahulugang naaayon sa sariling pagpapahalaga ang mga ninanais maging sa kahit anomang kalagayan. Mapapansin sa kwentong-bayan ang pagiging responsable ng mga magulang sa pag-aalaga ng kanilang mga anak higit lalo ang kalalakihan na ipinamalas ang pagiging matatag para sa ikabubuti ng pamilya. Ito ang nagiging obligasyon ng mga kalalakihan sa isla ng Caohagan, ang pagngangalaga ng mga minamahal

laban sa kapahamakan higit lalo sa pagbibigay-proteksyon sa kanilang mga anak.

Bakol sa Pangpang. Mababakas sa akdang ito ang pagpapahalagang *pag-iwas sa mga kapahamakan upang maisalang-alang ang kaligtasan ng pangkalahatan*. Pinapatunayan sa kwentong-bayan na mahalagang isaalang-alang ang kaligtasan ng nakararami lalo na ng kanilang mga anak at mapaghandaan ang anomang kapahamakang maaaring mangyari sa isla. Binigyang-tuon ang mga kabataan sa kwentong-bayang *Bakol sa Pangpang* at namumutawi ang pagpapahalagang pag-iwas at pagiging handa sa mga kapahamakan na siyang nagbibigay ng linaw sa kung paano ba dapat kumilos ang mga kabataan. Binanggit ng *Children's Home Society of California* (2017) na ang pagpapahalaga sa sarili ay tungkol sa kung paano mag-isip at makiramdam ang isang tao. Habang lumalaki at lumilina ang mga bata, bumubuo din sila ng kanilang mga pagpipilian tungkol sa kanilang sarili sa pamamagitan ng mga salita at aksyon na impluwensya sa kanila ng ibang tao. Ang pagbibigay ng isang mapagmahal at mapag-alagang kapaligiran, ang mga magulang at mga tagapangalaga ay ang daan sa pagbibigay ng isang positibong anyo sa imahe ng isang bata. Ang pagtataglay ng ganitong pag-uugali ay mahalaga upang mapangalagaan at mapaunlad ang sariling pagkatao. Kailangang maging maingat at huwag padalos-dalos sa mga gagawing pagpapasya at maging bukas sa pagtanggap sa tulong o payo mula sa mga taong nagmamalasakit at nagpapamalas ng mabuting pakikitungo sa kapwa.

Bwah! Bwah! Bahagi na ng pag-unlad sa sarili ang pakikisalamuha sa kapwa, tradisyon at kultura, paniniwala at katangian. Bilang mamamayan, matatanaw nang buo ang paglalarawan sa katangian, pananaw, gawi o kilos, paraan ng pamumuhay at iba pa na sumasalamin sa kanilang pagkatao na masasalamin sa akdang *Bwah! Bwah!* na kakikitaan ng pagkakaisa ng mga Kawhaganyon na mamamalas sa kanilang paniniwala at pati na rin sa paraan ng pamumuhay. Binanggit naman nina Punsalan, Pablo at Alip (2013) na ang pagpapahalaga ay isang pamantayan (*standard*) sa pakikiugnay o pakikihalubilo sa kapwa. Isinasaalang-alang nito ang kabutihan ng grupo, ang bawat kasapi ay nagkakaisa ng konsepto, kung ano kaibig-ibig, kahanga-hanga at kanais-nais. Ang pagpapahalaga ay tumutukoy sa naririnig, nakikita, nauunawaan at nagugustuhan ng mga kasapi. Sa madaling salita ito ay ginamit bilang batayan sa pagdedesisyon ng isang komunidad. Nangangahulugan lamang na mailalarawan ang mga Kawhaganyon batay sa mga naobserbahan sa pangkalahatan gaya ng pagtutulungan at pagkakaisa na mapapansin sa isla. Ang kanilang nakaugaliang pamumuhay, dumaan man sa maraming trahedya o sakuna sa kanilang buhay, mananatili pa rin ang kanilang pagkakaisa na siyang sumasalamin sa katangiang ng mga taga-Caohagan.

Nganong mohunas ug motaub ang dagat? Ipinalulutang sa kwentong-bayang ito ang pagpapahalagang *pagpapalaganap sa dakilang kapangyarihan ng Diyos*. Ang tao ang siyang gumaganap sa mga sitwasyong panlipunan upang maging bahagi ito ng kanyang pang-araw-araw na pamumuhay. Isinaad nina Punsalan, Pablo at Alip (2013) na isa sa pitong dimensiyon ng tao sa lipunan batay sa *DepEd VEP Framework* na mahalagang tandaan tungkol sa pilosopiya ng paghubog ng pagpapahalaga ng tao ay ang tao ay may kalikasang ispiritwal at materyal, nalilina ang sarili sa pakikipaghalubilo sa kapwa na may sariling nakaugaliang paniniwala. Sinasabing ang pilosopiyang ito ay nakikiayon din sa paniniwala ng mga relihiyong may pananampalataya sa Dakilang Maylalang. Mahihinuha sa kwentong-bayang ito na ang mga Kawhaganyon ay may pagpapahalaga sa pagpapalaganap sa kadakilaan ng Diyos sa pagpapakita ng milagro na kinamamanghaan at lalong nagpapatatag sa kanilang pananalig. Ang paniniwala sa Sto. Niño at Santa Cruz ay bahagi na ng kanilang matatag na paniniwala sapagkat pinaniniwalaan nila ang milagrang naibibigay ng mga santong ito sa kanilang isla. Ang dalawang imaheng ito ay nagpapakita ng kapuri-puri at kamangha-mangha gawi kung kaya buong lakas at loob nilang pinagdebosyon ang mga ito at ginawang patron sa pagdiriwang ng kapistahan tuwing buwan ng Mayo at Nobyembre. Pinatutunayan lamang ng kwentong-bayang ito ang pagiging maka-Diyos ng mga Kawhaganyon.

Ang Baychingko sa Suwaki. Ang pagsisikap at pananalig ang siyang naging sandata upang mapagtagumpayan ang anomang pagsubok sa buhay. Ito ay pinatutunayan sa kwentong-bayang *Ang Baychingko sa Suwaki*. Ayon naman sa isang websayt na Igoroteprime (2014) na ang pagsisikap ay nakasalalay nang malaki sa matiising pagtitiyaga. Karamihan sa mga mahahalagang bagay ay nakakamtan sa pamamagitan ng patuloy na pagsisikap. Dagdag pa ng CHURCHOFJESUSCHRIST.ORG (2021) na ang pag-unawa sa sarili ay mahalaga sa

pagpapabuti ng sitwasyon at pananaw sa buhay—madalas itong tinutukoy bilang sukatan ng kaligayahan. Nangangahulugan lamang na malaki ang tiwala ng mga Kawhaganyon sa kanilang sarili na mapagtagumpayan ang anomang hamon ng buhay sa pamamagitan ng pagsisikap. Mahihinuha na naging isa ito sa katangian ng mga Kawhaganyon na mababakas sa kanilang gawi at pamumuhay sa isla. Pinapahalagahan nila ang sarili sa ganitong paraan upang maipakilala ang katangiang Kawhaganyon na pursigido, determinado, matatag at masipag.

Mahihinuha sa limang piling kwentong-bayang sinuri na ang nangingibabaw na pagpapahalaga ay pagiging handa at pagpapakita ng katapangan sa anumang sakunang darating, pag-iwas sa mga kapahamakan, pagkakaisa, pagpapalaganap sa dakilang kapangyarihan ng Diyos, at pagsusumikap upang makamtan ang tagumpay.

3.3 *Kulturang Kawhaganyong nadalumat sa mga kwentong-bayan*

Bilang katugunan sa pangatlong suliranin, makikita sa talahanayan 3 ang biswal na presentasyon ng kulturang mamamalas sa limang piling kwentong-bayan sa isla ng Caohagan na sinuri. Binigyang-diin ng mga mananaliksik ang paglalahad at pagsusuri sa kultura upang muling mapag-aralan ang natatanging kulturang isinisiwalat ng mga kwentong-bayan.

Talahanayan 3

Kulturang Kawhaganyong nadalumat sa mga kwentong-bayan

Kwentong-Bayan	Kultura	Pahayag
Buwakaw	Nakagawian na ng mga Kawhaganyon ang pagkakaroon ng prosisyon sa madaling araw bitbit ang iba't ibang santo at kandila.	Tungod niining panghitabua, kanunay magprosisyon ang mga tigulang, magdalag kandila ug mga santos. Pangsalikway sa mga dili ingon nato o mga ungo. Hangtud Karon naandan na sa mga tawo sa isla ang pagprosisyon sa alas 3 hantud 5 sa kadlawn.
Bakol sa Pangpang	Pagpapauwi ng mga bata sa bahay nang mas maagang oras sa gabi	Isulod ug hiposon na sa mga ginikanan ang ilang mga anak sa dili pa mag alas 6 sa gabii. Mao na gayud nay naandan nila sa ilang adlaw-adlaw nga pagpuyo sa isla.
Bwah! Bwah!	Ang paniniwala sa <i>sumpa</i> o panangga laban sa kasamaan	Sa kinadugayong pagpuyo sa mga katigulangan sa isla sa Caohagan, naandan na nilang pagabuhaton ang pagdokdok sa yuta ug pagsiyagit og bwah! bwah! sa panahon sa tinglinog para masumpo ang dakong mananap nga tua nagpuyo sa ilawm sa yuta hinungdan sa paglinog.
Nganong mohunas og motaub ang dagat?	Mataimtim na pananampalataya sa Diyos dahil sa mga milagrong ipinapakita	Sa usa ka isla sa Caohagan, naandan na sa mga monolopyo ang pagtoo sa maong Labawng Gamhanan, ang Ginoo, nga maoy nagbuhat sa tanang butang sa kalibutan.
Ang Baychingko sa Suwaki (Istoryang kinabuhi nila ni Nang Pemya og Noy Julie)	Umaasa sa yamang makukuha sa karagatan.	Hamugaway ilang paglantaw sa ilang kinabuhi kay tungod nabuhi silag abunda sa isla nga adunay sud-an kanunay sa taga-isla, ang dagat. Maoy dakong kalipay sa taga-isla, ang makakuha'g swerte sa dagat.

Buwakaw. Ipinalulutang sa kwentong-bayang *Buwakaw* ang kulturang *pagkakaroon ng prosisyon sa*

madaling araw bitbit ang iba't ibang santo at kandila. Mahihinuha sa kulturang ito na ang mga taong nakatira sa isla ng Caohagan ay nagpapakita ng ganitong pamumuhay sapagkat ang isla ay pinaniniwalaang puno ng mga misteryosong bagay na nalaman nila mula pa sa mga ninuno at napasa sa kasunod na henerasyon kaya't nakagawian na nilang magkakaroon ng prosisyon upang itaboy ang mga masasamang ispiritung-gala na nag-aanyong-tao at iba pang anyo na gumagambala sa kanila. Ayon nga kay Marshall (2016), ang panalangin at pananampalataya sa Diyos ay ang sandata sa ispiritwal na pakikidigma at sa gayon ang sentral na paraan ng pagtubos na praksis. Ipinapahiwatig lamang dito na ang pagkakaroon ng koneksyon sa Diyos ay siyang paraan upang mailayo sa katatakutan mula sa mga nakikitang kakaiba o mga kababalaghan. Naniniwala ang mga Kawhaganyon na mayroong nilalang na hindi pangkaraniwan, kaya't ito'y nakaugat na sa kanilang paniniwala, gawi, katangian at pamumuhay. Napagtitibay rin nito ang pananalig sa Diyos at napalalakas ang pananampalataya na masugpo at maitaboy ang mga hindi pangkaraniwang nilalang o masasamang ispiritu sa kanilang isla. Magpasakasalukuyang panahon ay isinasagawa pa rin nila ito nang walang pag-alinlangan sapagkat nakaugat na ito sa buhay ng Kawhaganyon na maaari nilang maipasa o maipamana sa mga susunod na henerasyon.

Bakol sa Pangpang. Ipinalulang sa kwentong-bayang *Bakol sa Pangpang* ang kultura ng mga Kawhaganyon na papauwiin ang mga bata sa bahay nang mas maagang oras sa gabi. Ayon nga sa artikulo ni Huang sa *The Inner Self* (2021) na ang pag-unlad ng bata ay isang dinamiko, interaktibong proseso. Ang bawat bata ay natatangi sa pakikipag-ugnay sa mundo sa kanilang paligid, at kung ano ang kanilang tinatanggap mula sa iba at ng kapaligiran ay dinisenyo kung paano sila nag-iisip at kumikilos. Ang mga bata na lumalaki sa iba't ibang kultura ay tumatanggap ng mga partikular na *input* mula sa kanilang kapaligiran. Dahil dito, may napakaraming pagkakaiba sa kultura, sa mga paniniwala, at pag-uugali ng mga bata. Ipinapahiwatig lamang dito na malaki ang ugnayan ng kultura at sa paghubog ng kamalayan, katangian at pagpapahalaga sa sarili ng mga kabataan sapagkat ito ay nagdadala sa kanila sa ibang mundo ng kanilang paglaki at pagkabuhay. Sa pamamagitan ng akdang ito, mahihinuha na ang mga kabataan sa isla ng Caohagan ay napapasailalim sa nakaugaliang kultura na papauwiin nang mas maagang oras sa gabi upang maiwasan ang anomang kapahamakan.

Bwah! Bwah!. Matutunghayan naman sa kwentong-bayang *Bwah! Bwah!* ang kulturang nagbibigay kulay sa pamumuhay ng mga Kawhaganyon ang paniniwala sa *sumpa* o panangga laban sa kasamaan. Ayon kay Lacson (2019) na ang kultura ay bahagi ng maraming gawi na humuhubog ng mga natatanging kaugalian, mga paniniwala, at mga tradisyon ng isang bayan. Ang mga ito ang siyang sumasalamin sa buhay, at nagpapakit sa mga paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lipunan. Gayunman ang kulturang humuhubog sa katangian, gawi, at pamumuhay ng mga Kawhaganyon ay sumasalamin sa kung anong mayroon sa kanila at ano sila. Ang kulturang ito na maniniwala sa *sumpa* o panangga sa kasamaan ay nagpapatunay na ang mga Taga-Caohagan ay may sariling konsepto at paniniwala sa paglutus sa mga suliranin gamit ang mga ito. Ayon naman sa pag-aaral ni Gascon (2015) na ang mga katutubong panitikan gaya ng mga alamat ay nalinang bilang resulta ng kolektibong pagnanais sa pagpapahayag ng kaisipan, damdamin, mga ideya ukol sa mga bagay-bagay sa paligid na maiuugnay sa interes ng kanilang komunidad. Ipinapahiwatig lamang dito na ang nalinang na konsepto mula sa mga bagay-bagay na nakikita at napapansin sa paligid ay ginawang kabahagi ng paniniwala ng mga Kawhaganyon na namana nila mula pa sa mga ninuno at napasa naman sa susunod na henerasyon. Nagtataglay ng kahalagahan sa mga mamamayan at sa lipunang kinabibilangan, ang mapapanatili ang paniniwala at paunlarin pa ang mga paniniwalang pinagbabasehan na nagsisilbing yaman ng kanilang pagkakakilanlan. Ang paniniwala ng mga Kawhaganyon ay ang gumagabay sa kanila kung ano ang nararapat nilang gawin sa tuwing mayroong mga sakuna o anomang kapahamakang maaaring makaapekto sa kanilang pamumuhay sa isla.

Nganong mohunas og motaub ang dagat?. Ipinapakita sa kwentong-bayang *Nganong mohunas ug motaub ang dagat?* ang nakagawiang paniniwala ng mga Kawhaganyon na makikilala ang Diyos hindi sa tao kung 'di sa pamamagitan ng mga milagro o imposibleng bagay na nagagawa Niya. Pinaniniwalang ang Diyos ay tanging makagagawa ng milagrosong bagay at mag-iibang anyo kaya't ito ang naging batayan ng mga Kawhaganyon sa kanilang taimtim na paniniwala. Dagdag pa ni De Mesa (2010), "*dahil nakabatay sa ating pag-unawa ng*

karanasan sa Diyos ang pag-intindi natin sa iba't ibang larangan ng pananampalataya, anumang pagbabago ang magaganap sa una ay malamang na magbibigay-daan sa pagbabago sa ikalawa. Magkaakibat at kawing-kawing ang mga ito." Samakatwid, kahit sa larangan ng teolohiya, inaangkop na nila ang pag-unawa kay Kristo batay sa paniniwala ng kalinangang bayan. Nangangahulugan lamang na nalilintang ng mga Kawhaganyon ang paniniwala at pananampalataya sa Poong Maykapal dahil sa mga karanasang natamo, obserbasyon sa lipunan, pag-unawa sa mga bagay na natural at bagay na imposible. Mailinang sa kwentong-bayang ito ang kahalagahan na ang pagkakaroon ng katangian na may malaking pananalig sa Diyos ay siyang nagpapalapit sa tao sa Panginoon. Marahil lahat ng tao ay kumakapit sa pananalig sa Diyos na umaasang uunlad ang estado ng pamumuhay o malaking pagbabago sa sarili at makikitaan rin ng pagbabago sa komunidad. Gayunman ang katangiang mayroon ang Kawhaganyon, na ang Diyos ay nasa kanila kaya't patuloy na yumabong ang paraan ng kanilang pamumuhay. Kaya't maisasalamain sa akdang ito ang buhay ng mga Kawhaganyon sa paraan na kung tataas ang dagat ay uunlad din ang buhay, at kung bababa naman ang dagat nangangahulugang naging mahirap ang estado ng buhay sa isla. Inihahalintulad nila ang estado ng kanilang pamumuhay sa katangian mayroon ang dagat na tumataas at bumababa ang tubig.

Ang Baychingko sa Suwaki. Ipinamamalas sa kwentong-bayang *Ang Baychingko sa Suwaki* (istorya sa kinabuhi nila Nang Pemya og Noy Julie) ang paraan ng pamumuhay ng mga Kawhaganyon na umaasa sa yamang makukuha sa dagat bilang solusyon ng kanilang kahirapan kaya't pangingsda ang pangunahing pamumuhay nila. Ayon nga kina Fanaj at Melonashi (2014), ang pangangailangan para sa pagpapahalaga sa sarili ay isang pangunahing motibo ng tao. Nangangahulugang, ang pagpili ng mga tao sa kung ano ang maging kinapapamuhayan niya ay naaayon sa kanyang motibo gaya na lamang sa kalagayan mayroon ang mga kawhaganyon na nakatira malapit sa karagatan, na naging motibasyon nila ang pagkakaroon ng ganitong pamumuhay na humuhubog sa kanilang pagpapahalaga sa sarili. Ang pangingsda ang siyang naging sandalan ng mga Kawhaganyon sa panahong kapos sa perang pambili ng pagkain, kahit nabibilad sa init ng araw iniinda nila ito upang may makain at mabuhay. Ayon nga sa isang *blogpost* nina Batausa at mga kasama (2019) na ang pangingsda ay hindi madaling gawain. Kinakailangan pang magbabad sa ilalim ng mainit na sikat ng araw nang ilang oras, maglayag sa baybayon sa gabing madilim, at magtiis sa mga malalaking alon. Iyan ang buhay ng isang mangingsda. Kung walang mga mangingsda, walang nagsusuporta sa mga pangangailangang galing sa mga yamang dagat. Ipinapahiwatig lamang sa akdang ito na ang kasipagan ng mga Kawhaganyon pagdating sa paghahanap ng paraan upang mabuhay ay hindi matutularan. Mahihinuha rin na ang paniniwala ng mga Kawhaganyon sa mga bagay na makukuha sa dagat ay sumasalamain sa kanilang katangian at pamumuhay mayroon sila ngayon. Pinalulutang din sa akdang ito ang kahalagahan na magkakaroon ng matiwasay na pamumuhay ang tag- isla at lalong mapangangalagaan ang yaman ng karagatan. Isinaalang-alang ng taga-Caohagan ang pangangalaga sa yamang-dagat sapagkat maaapektuhan ang pamumuhay nila kung isasawalang-bahala ang kalagayan ng karagatan sa mga susunod na panahon.

Sa limang kwentong-bayang sinuri, ang kulturang nakaugalian na nila ay ang pagpoprosisyon sa madaling araw, pagpapauwi ng mga bata sa bahay nang mas maagang oras sa gabi, mapapaniwalain sa *sumpa*, may mataimtim na paniniwala sa Poong Maykapal, at pangangalaga sa yaman ng dagat bilang pinagkukunan ng kanilang ikinabubuhay.

3.4 *Learning package: kontekstwalisadong kagamitang panturo sa pagtuturo ng panitikang lokal*

Sa pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya ganoon din kabilis ang pagbabago ng mga nakahiligan ng mga estudyante. Isa sa naging sanhi nito ay ang *social media* o mga *mobile games* na kung saan nakapokus lamang sila sa paghawak ng gadget kaya ang mga kwentong-bayan ay hindi na masyadong tinatangkilik at binabalewala na lamang. Kaya nararapat lamang na mag-isip ng mga kagamitan sa pagtuturo at estratehiyang gagamitin upang mapukaw ang mga atensyon ng mga mag-aaral at manumbalik ang kanilang kawilihan sa pagbabasa ng mga kwentong-bayan.

Bilang pakikibahagi sa mithiing ito, isinagawa ang awtput hango sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral

upang matugunan ang pangangailangan at maiangat ang antas ng pagtuturo sa pantikang lokal na nagbibigay puwang sa mga rehiyonal na panitikang gaya ng mga kwentong-bayan.

Mula sa pagsusuri sa mga kwentong-bayan ayon sa mga suliraning inilalahad sa pag-aaral, nabuo ang *learning package* sa pagtuturo ng lokal na panitikan. Ito ay isang kontekstwalisadong kagamitang panturo na binalangkas at binuo upang mapahusay ang pagtuturo, makuha ang atensyon at kawilihan ng mga estudyante sa mga kwentong-bayan. Hinahangad ng mga mananaliksik na sa pamamagitan nito ay mapag-ibayo ang pagtuturo ng panitikang Filipino higit lalo ang kwentong bayan.

Ang awtput na ito ay makakatulong sa mga estudyante upang manumbalik ang kanilang kawilihan sa pagbabasa ng mga kwentong-bayan. Marami man ang hadlang na nagpapabagal sa pagpapayabong sa wika at panitikan hindi ito magiging balakid bagkus makatutulong ito upang hasain at pagtibayin pa ang kalinangan nito. Mahalaga ang *learning package* sa pagtuturo ng lokal na panitikan sapagkat naglalaman ito ng mga gawain at estratehiya upang mabigyan ng gabay ang pagtuturo sa mga estudyante na may mababang ng interes sa pagbabasa ng mga kwentong-bayan.

4. Kongklusyon

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang limang piling kwentong-bayan batay sa paksang-diwa, pagpapahalaga at kultura upang manumbalik ang pagbibigay-halaga at kasiglahan sa pagtangkilik ng kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan. Matapos ang ginawang pagsusuri sa limang piling kwentong-bayan, natuklasan ang paksang-diwang nagpapakita na ang mga Kawhaganyon ay maalalahanin sa seguridad ng kanilang pamilya, inuuna ang kaligtasan ng kanilang mga anak, may mataimtim na paniniwala sa Diyos upang mailayo sa kapahamakan, mapaniwalain sa mga milagrang nagawa ng Diyos na Manlilikha, at pursigedo, mabuti, determinado sa buhay at may paniniwala sa Diyos na itinuring nilang yaman. Natuklasan din ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa pagpapakita ng katapangan, pagiging handa sa panahon ng sakuna, pagkakaisa, pagpapalaganap sa kapangyarihan ng Diyos, at pagsusumikap. Lutang na lutang din sa mga kwentong-bayang sinuri ang kulturang pagpoprusisyon sa madaling araw, pagpapauwi ng mga bata sa bahay nang mas maagang oras sa gabi, mapapaniwalain sa sumpa, may mataimtim na paniniwala sa Poong Maykapal, at pangangalaga sa yaman ng dagat bilang pinagkukunan ng kanilang ikinabubuhay. Malaki ang gampanin ng mga natuklasang ito sa pagpapakilala sa pagkakakilanlan ng mga Kawhaganyon, at sa pagpapayaman at pangangalaga sa kanilang lokal na pamana. Sa ganitong paraan ay mas lalong napaiigting ang pagpapahalaga sa kanilang natatanging kultura at pagkakakilanlan na maipapamana nila sa mga susunod pang henerasyon.

Mahalaga ang mga natuklasan sa pag-aaral dahil makatutulong ito sa mga guro upang mapagtuonan ng pansin at mapaigting pa ang pagtuturo ng mga kwentong-bayan gamit ang kontekstwalisado at lokalisadong kagamitang panturong nabuo. Magsisilbi rin itong batayan sa pagpapaunlad ng pagtuturo upang matamo ng mga estudyante ang malawak na kaalaman, bukas na kamalayan at pagpapahalaga sa mga kwentong-bayang pamana ng kanilang sariling lokalidad.

Batay sa mga natuklasan, naisakongklusyon na ang limang kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan ay nagsisilbing yaman ng isla na may natatanging paksang-diwang bumabakas sa kanilang pamumuhay, mga paniniwala, pagpapahalaga at kultura na sumasalamin sa kanilang kagandahang puri, nagpapamalas sa pagkakakilanlan at pagkakaisa ng mga Kawhaganyon. Ang paggamit ng *learning package* sa pagtuturo ng kwentong-bayan ay makatutulong sa pagpapalaganap, pagtatangkilik at preserbasyon sa natatanging lokal na pamana sa Isla ng Caohagan.

4.1 Rekomendasyon

- Himukin ang mga guro na pasiglahin ang pagtuturo sa kahalagahan ng mga kwentong-bayan upang maisakatuparan ang kahalagahan nito sa edukasyon nang hindi ito malilimutan.

- Suriin ang mga nangingibabaw na paksang-diwa sa kwentong-bayan, mga pagpapahalaga na humubog sa pagkatao ng bawat Pilipino, at kulturang sumasagisag ng pagka-Pilipino sa pamamagitan ng paggamit ng mga iminungkahing learning package upang muling maibalik ang interes ng mga kabataan sa pagbabasa ng mga kwentong-bayan.
- Tangkilikin ang mga kwentong-bayan sa Isla ng Caohagan sa loob o labas man ng paaralan upang mas mabigyang puwang ng mga mamamayan sa Caohagan ang kahalagahan ng bawat kwentong-bayan lalo na sa mga kabataan.
- Isabay sa pang-araw-araw na pamumuhay ang mga nalikom na kwentong-bayan na nagpapamalas ng kagandahang asal sa pamamagitan ng pag-angkop nito sa larangan ng edukasyon upang malinang ang mga pagpapahalagang pantao ng bawat kabataang Kawhaganyon.
- Iangkop ang pagtuturo ayon sa konsepto ng kultura ng mga estudyante upang maiangat ang kanilang lebel ng interes sa pagbabasa ng mga kwentong-bayan.

5. Mga Sanggunian

- Alvarado, E. T. (2018). Conceptualization of devotees in faith in the infant Jesus [Pagkokonsepto ng mga deboto sa pananalig sa batang Hesus]. *Global Journal of Human-Social Science: C Sociology and Culture*, 18(4), 30-38.
- Astillero, S. F., & Ocbian, M. M. (2015). Cultural characteristics and values in Sorsogueños' poems. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(4), 12-18.
- Batausa, M., Caliguind, N. Y., Peque, K. A., Raboy, S. H., Ricablanca, I., Aspacio, G., Celocia, J. M., & Sanchez, J. M. (2019). *Agricultural sector forestry life* [Sektor ng agrikultura buhay ng panggugubat]. Retrieved from <https://sektorngagrikultura123.blogspot.com/2019/03/buhay-ng-panggugubat.html>.
- Beemgee (n.d.). *A story's theme*. Retrieved from <https://www.beemgee.com/blog/theme/>.
- Cañete, R. J. N., Orosio, B. D., Canoy, J. B., Clemen, A. F. P., & Cainiela, M. B. (2015-2016). *Impluwensiya ng social media sa pagpapalago ng wikang Filipino* [Di-Nailathalang Tesis]. Cadiz City: Philippine Normal University-Visayas.
- Children's Home Society of California (2017). *Self-esteem building confidence and success in a child* [Pagpapahalaga sa sarili pagbuo ng tiwala at tagumpay sa isang bata]. Los Angeles California.
- CHURCHOFJESUS.ORG. (2021). *How to build confidence and self-esteem*. Retrieved from <https://www.churchofjesus.org/topics/pef-self-reliance/live/build-confidence-and-self-esteem?lang=eng>.
- Cuizon, R. I. (2014). Meta analysis in analyzing short stories in theses and dissertations [Meta analisis sa pagsusuri ng maikling kwento sa mga tesis at disertasyon]. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2(5), 7-13.
- De Mesa, J. (2010). *Divine study* [Mabathalang pag-aaral]. Manila: Academica Filipina Digital, Vee Press.
- Delizo, M. J. (2020). *Over 1400 cases of violence against women, children during lockdown recorded: PNP* [Higit 1, 400 kaso ng karahasan sa kababaihan, bata habang lockdown naitala: PNP]. ABS-CBN News. Retrieved from <https://news.abs-cbn.com/amp/news/06/03/20/higit-1400-kaso-ng-karahasan-sa-kababaihan-bata-habang-lockdown-naitala-ppn>.
- Fanaj, N., & Melonashi, E. (2014). *A systematic literature review on self-esteem and psychological well-being in Kosovo*. A paper presented in Human and Social Sciences – Psychology, Sociology and Pedagogy. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/269394609_A_SYSTEMATIC_LITERATURE_REVIEW_ON_SELF-ESTEEM_AND_PSYCHOLOGICAL_WELL-BEING_IN_KOSOVO.
- Gascon, D. O. (2015). Oral literary tradition: manual for k-12 revised curricula on literature, history and social studies. *International Journal of Languages, Literature and Linguistics*, 1(2), 146-141.
- Huang, C. Y. (2021). *How culture affects children's development* [Paano nakakaapekto ang kultura sa mga bata

- sa pag-unlad]. Retrieved from <https://tl.innerself.com/content/personal/relationships/parenting/17456-how-culture-influences-childrens-development.html>.
- Igoroteprime (2014). *Hard work is the key to success* [Pagsusumikap ang susi ng tagumpay]. Retrieved from <https://igoroteprime.wordpress.com/2014/10/08/pagsusumikap-ang-susi-ng-tagumpay/>.
- Jadloc, M.D. (2017). *Folktale is important to the youth* [kwentong-bayan mahalaga sa kabataan]. Retrieved from <https://upd.edu.ph/kwentong-bayan-mahalaga-sa-kabataan/>.
- Ki (2020). *Characteristics of the folktale, examples and its explanation* [Katangian ng kwentong-bayan, halimbawa at paliwanag nito]. Retrieved from <https://philnews.ph/2020/10/07/katangian-ng-kuwentong-bayan-halimbawa-at-paliwanag-nito/>.
- Kieng, J. T. (2018). *Discourse analysis, content analysis, archival research*. Retrieved from <https://prezi.com/-syjcrestqed/discourse-analysis-content-analysis-saliksik-arkibo-archi/?fallback=1>.
- Lacson, M. C. (2019). *Preservation of cultural heritage* [Pangangalaga sa pamanang kultura]. Sunstar. Retrieved from <https://www.sunstar.com.ph/article/1827501>.
- Lanuzo, M. (2015). *According to Max Scheler* [Ayon kay Max Scheler]. Retrieved from <https://www.slideshare.net/BlackMask213/ayon-kay-max-scheler>
- Marshall, R. (2016). Destroying arguments and captivating thoughts: spiritual warfare prayer as global praxis. *Journal of Religious and Political Practice*, 2(1), 92-113.
- Panganiban, J. V. (2000). *Literature of the Philippines* [Panitikan ng Pilipinas]. Binagong Edisyon. Manila: Bookstore.
- Pascual, J. M. (2015). *Folk tales in Bukidnon* [Mga kwentong bayan ng Bukidnon]. Retrieved from <https://jaympascual.blogspot.com/2015/01/mga-kuwentong-bayan-ng-bukidnon.html?m=1>.
- Punsalan T., Pablo B. S, & Alip, C. D. (2013). *Curriculum and instruction: edukasyon sa pagpapahalaga at pagpapakatao*. Retrieved from <https://www.slideshare.net/knowellton/module-67-edukasyon-sa-pagpapahalaga-at-pagpapakatao>.
- Ramos, M. S. (1984). *Filipino literature* [Panitikang Pilipino]. Manila: Katha Publishing Company.
- Timbreza, F. (2003). *Filipino values today*. Metro Manila: Navotas Press